

# CHECKLIST NG LABOR/MANAGEMENT

## SA PAGBABALIK NG MGA HINDI AGARANG PAMAMARAAN

Ngayong tila nalampasan na natin ang mabilis na paglaganap pandemic, and ilang ospital ay nagbabalak nang magbalik ang mga non-urgent o hindi agarang mga procedure at bumalik sa regular na operasyon. Ang sumusunod ay listahan ng mga katanungan para sa mga manggagawa at sa pangasiwaan (management) upang maseguro ang pinakaligtas na paraan ng muling pagbubukas ng ospital.

### Iskedyul at Pamantayan

- Ano ang iskedyul at plano sa pagbabalik ng mga hindi agarang serbisyo para sa pangangalaga?
- Ano ang mga pamantayang gagamitin upang matukoy kung anu-anong mga function ang muling ibubukas (halimbawa: Nakita na ba ng ospital ang pagbaba sa kaso ng COVID-19 sa loob ng 14 na araw?)
- Anong pamantayan ang gagamitin upang matukoy kung pananatilihin ng bukas ang function kung magkaroon ng muling pagtaas sa kaso ng COVID-19?

### Personal na Gamit Pangkaligtasan (Personal Protective Equipment/PPE)

- Mayroon bang handang magagamit na mga PPE para sa 30 araw – tulad ng N95 respirator, mga facemask, mga isolation gowns, proteksiyon sa mata, takip sa mukha at mga gwantes? Kung wala, bakit muling ibubukas ang mga hindi agarang procedure kung walang sapat na dami ng handang magamit na mga PPE?
- Nagsagawa ng hindi pangkaraniwang mga hakbang upang matugunan ang kakulangan sa mga PPE. Ano ang plano upang maibalik sa pinakamainam na gawi ukol sa paggamit ng mga PPE (isahang gamit upon maiwasan ang pagkakahawahan)?

- Ano ang mga patakaran tungkol sa paggamit ng PPE sa mga bagong magbubukas na mga lugar at mga pamamaraang ipatutupad upang makaiwas sa pagkalantad sa COVID-19?

### Pagpapanatili ng Kaligtasan sa Pasilidad

- Anong mga lugar ang itatalaga para sa mga may COVID-19 at sa mga pasyenteng iniimbestigahan kung may COVID-19?
- Nakapaglagay na ba ng plexiglass sa lahat ng window kung saan nakikipag-usap at nakikitungo sa lahat ng pasyente? Kung hindi pa, bakit?
- Ang lahat ba ng pasyente ay iobligang magsuot ng maskara sa pasilidad?
- Paano itutuloy ang pag-screen sa mga pasyente sa lahat ng pasukan ng pasilidad at sino ang gagawa nito?
- Mananatili ba ang pagpapatupad ng mga patakaran ukol sa paglimita sa dami ng mga bisita?
- Ano ang mga protokol sa paglilinis at pagsterilize sa mga muling bubuksang mga lugar?
- Ano ang mga protokol sa social distancing sa muling bubuksang mga lugar, kasama na ang lugar na hintayan, mga silid para sa mga pulong, mga opisina, at iba pa?

# LABOR/MANAGEMENT CHECKLIST

## CONTINUED

- Itutuloy ba ang pagpapatupad sa pag-check sa temperatura?
- Mayroon bang function na maaaring gawin nang remote o sa paraang “drive-through”? Paano magtatakda ng staff?

### Testing

- Sasailalim ba sa testing ang mga pasyenteng naghahintay ng muling pagbubukas ng mga procedure at may patakaran ba tungkol sa pag-test o pag-quarantine ng mga pasyenteng ito?
- Ang mga pasyente bang nakompirmang may COVID-19 o pinagsususpetsahang may COVID-19 ay ituturing bang karapat-dapat o eligible sa mga hindi agarang mga operasyon?
- Ano ang plano sa pagtest at pag-retest ng mga empleyado (gaano kadalas, ano ang pamantayan)?

### Staffing (Pagtatakda ng mga empleyado)

- Paano maaapektuhan ang staffing kapag nagsimula na ang muling pagbubukas? Mababawasan ba ang mga kanselasyon o flexing (pag-adjust sa oras ng trabaho)? Maaari bang magtrabaho ang mga part-time nang higit sa mga FTE? Regular bang gagamitin ang mga pang-arawan (per diem)/ on-call? (Rebisahin ang nakasaad sa kontrata tungkol sa dagdag na oras at susunding kautusan.)
- Anong mga training ang ibibigay sa staff tungkol sa kung paano magkapagtrabaho nang ligtas sa mga bagong bubuksang mga lugar?

- Ang mga empleyadong bang kasalukuyang nagtatrabaho mula sa bahay ay magpapatuloy na magtrabaho sa ganitong paraan? Kung hindi, bakit, at ano ang timeline para sila ay bumalik sa regular na lugar ng trabaho?
- Magkakaroon ba ng restriksiyon sa mga staff na nakatakdang mag-alaga ng mga pasyenteng may COVID-19 na manatili sa lugar na iyon upang maiwasan ang kontaminasyon sa ibang lugar?

### Pagsuporta sa Staff

- Paano itutuloy ng ospital ang pagsuporta sa mga empleyadong may mga batang kailangang alagaan?
- Paano i-a-accommodate ng ospital ang mga empleyadong nagkasakit ng COVID-19 o nagpakita ng sintomas ng COVID-19?
- Paano susuportahan ng ospital ang kalusugang pangkaisipan na kinakailangan ng mga empleyadong nagtatrabaho sa stressful na panahong ito?
- Paano i-a-accommodate ng ospital ang mga empleyadong may higit sa 65 taong gulang o immunocompromised o may kondisyong pangkalusugan?

### Finances ng Ospital

- Kailan ninyo inaasahang makita ang pagbabalik ng numero ng census sa numero ng census bago nangyari ang pandemic?
- Magkanong halaga ng pondo ang natanggap ng ospital mula sa CARES Act (\$175 billion) at paano ito ginagamit?